

Pangingisda sa Duwamish River

Ano ang ating natutunan at ano ang dapat nating susunod na gawin?

Pebrero 2017

Abiso sa Pagkain ng Isda

Ang mga isda ay masustansiya at mainam para sa ating kalusugan. Maraming mga tao ang nasisiyahang mangisda sa Duwamish River.

Sa kasamaang palad, ang ilog ay maraming mga nakakapinsalang kemikal, tulad ng mga PCB, na maaaring maging sanhi ng mga problemang pangkalusugan sa mga tao. Hindi natin nakikita ang mga kemikal na ito sa isda. Nakapasok ang mga ito sa isda, shellfish at alimasag na namamalagi sa ilog ("ng buong buhay nila").


Ang salmon ang inirerekumenda ng Washington State Department of Health bilang pinakamainam na kainin para sa ating kalusugan dahil sasandali lang ang mga itong tumitigil sa ilog.

Isyu sa Katarungang Pangkapaligiran

Maraming mga mangingisda ang patuloy na humuhuli at kumakain ng mga "resident fish" na galing sa Duwamish River. Higit sa 20 ang mga grupong etniko na isda ang ay matatagpuan sa Duwamish River. Ang mga komunidad ng mga taong hindi puti (people of color) o mga taong mababa ang kinikita ang pinakamadalas na naapektuhan ng polusyon sa ilog.



Nangingisda para sa Pinakaligtas na Lamang-dagat sa Duwamish River? Kumain ng Salmon.



PARA SA LAHAT - HUWAG KUMAIN NG NANINIRAHANG ISDA, SHELLFISH o TALANGKA
Lalo na ng KABABAIHANG BUNTIS at NAGPAPASUSO o maaaring maging ganito, at MGA BATA.
May mga kemikal ang mga ito na maaaring makapinsala sa pagkabuo ng utak at paglaki ng mga sanggol at bata.



<http://go.usa.gov/x9GXw>

Bagong Pag-aaral tungkol sa Komunidad sa Pangingisda sa Duwamish

Ang United States Environmental Protection Agency (EPA) ay nagtatrabaho para linisin ang polusyon mula sa Duwamish River. Bilang bahagi ng Lower Duwamish Waterway Superfund Cleanup, ang Lungsod ng Seattle, King County, Port of Seattle at Boeing Company ay nagsagawa ng isang Pag-aaral ng Mga Mangingisda. Ang pag-aaral ay nakakuha ng impormasyon tungkol sa mga sumusunod:


- Sino ang nangingisda sa Duwamish River?
- Ano ang ginagawa nila sa kanilang nahuli?
- Gaano karami ang kaalaman nila tungkol sa abiso?
- Ano ang mas mabubuting paraan para makipag-ugnayan tungkol sa abiso?

Salamat sa mga mangingisda at iba pang mga residente na lumahok sa pag-aaral!

Ang Environmental Coalition of South Seattle (ECOSS) ay nangolekta ng data para sa pag-aaral (2014-2016):


- 403 mga survey sa mga mangingisda sa may ilog
- 22 masusing panayam sa mga mangingisda at mga taong kumakain ng mga seafood na galing sa Duwamish River

Ano ang natutunan



Mahalaga ang pangingisda sa kalusugang pangkaisipan, pakikipagkapwa at ng katawan:

- Masaya
- Nakaka-relaks
- Sariwang pagkain
- Pakikipagkapwa
- Matuto sa isa't isa
- Maging bahagi ng komunidad



Ang mga mangingingisda na kumakain ng polluted na "resident fish" ay madalas na:

- Asian, Pacific Islanders, multiracial
- Mga di nagsasalita ng Ingles (kasama na ang Vietnamese, Espanyol, Khmer)
- Nakatira sa South/West Seattle at south of Seattle



Ang impormasyon sa abiso ay mahirap maunawaan:

- Ang mga karatula ay hindi umaabot sa mga kinauukulang mga mangingingisda.
- Mahirap iugnay ang mga panganib sa kalusugan na dulot ng mga hindi nakikitang kemikal sa mga tubigan o isda.
- Kailangang magbigay ng mga opsyon na hihikayat sa mga tao na kumain ng isda na higit na makabubuti para sa katawan, habang pinananatili pa rin ang kultura ng pangingisda.

Ano ang susunod?

Ang EPA at Public Health Seattle & King County (PHSKC) ay magtatatag ng isang programa na nakabatay sa komunidad para makabuo ng mga Institutional Control o mga "IC" para sa komunidad ng mga nangingisda sa Duwamish. Itataguyod ng programa ang malusog na pagkain ng seafood bago, habang at makalipas ang paglilinis nito. Sa pamamagitan ng pamamahala ng EPA, ang PHSKC ay:

- ▶ Bubuo ng isang grupo sa na magtatrabaho para makatulong sa pagbuo ng mga plano ng IC at ng mga rekomendasyon;
- ▶ Ang pagkakaloob ng mga grant para sa mga pakikipagugnayan sa komunidad upang buuin at tuparin ang mga kasangkapang nararapat para sa komunidad na tungkol sa IC at mga estratehiya para dito; at
- ▶ Sanayin ang mga "advocates" sa komunidad sa pagtataguyod ng mga estratehiya o plano para sa higit na karapat dapat na pagkain ng isda sa kani-kanilang mga komunidad.

Para sa karagdagang impormasyon

US EPA: Rebecca Chu • (206) 553-1774 • chu.rebecca@epa.gov

Public Health Seattle & King County: Sinang Lee • (206) 263-1192 • sinang.lee@kingcounty.gov

WA Department of Health: Fish Advisory Program • (877) 485-7316 • <http://www.doh.wa.gov/fish>

Community Advisory Group: Duwamish River Cleanup Coalition/Technical Advisory Group
(206) 954-0218 • duwamishcleanup.org